USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

EDC Education Development Center

**USAID OPPORTUNITY 2.0 PROGRAM**

**Second Chance Opportunities for Out-of-School Youth**




# Higher-Level Education or Training Readiness Orientation (HERO)

## Youth Handouts

# Acknowledgements

**Education Development Center (EDC)** would like to thank the staff of the USAID Opportunity 2.0 Program, Philippines local team, and the DepEd Alternative Learning System Task Force, whose invaluable insights guided the development of this Learner's Guidebook.

As part of the Journey to Self-Reliance, the education system of DepEd ALS will be strengthened to reach vulnerable out-of-school youth through providing them with second chance education so that learners are better equipped with the soft and leadership skills they need to excel in further education and training.

**© 2022 Education Development Center, Inc.**

This content may not be produced without the permission of Education Development Center or the United States Agency for International Development.

This curriculum is made possible by the generous support of the American people through the United Stets Agency for International Development (USAID). The contents are the responsibility of Education Development Center, Inc and do not necessarily reflect the views of USAID or the United States Government.

EDC Education Development Center

EDC 43 Foundry Avenue Waltham, MA 02453

Contact: youth-intl@edc.org

Phone: 617-969-7100

Boston | Chicago | New York | Washington, D.C.

Education Development Center (EDC) is a global nonprofit that advances lasting solutions to improve education, promote health, and expand economic opportunity.

Since 1958, we have been a leader in designing, implementing, and evaluating powerful and innovative programs in more than 80 countries around the world.

# LISTAHAN NG MAHAHALAGANG TERMINOLOHIYA

| Terminolohiya | Kahulugan | Gamitin ang espasyong ito upang isulat ang mahahalagang impormasyon tungkol sa terminolohiyang ito. |
|---|---|---|
| **ALS** | Alternative Learning System | |
| **CHED** | Commission on Higher Education | |
| **DepEd** | Department of Education | |
| **Direktang Bayarin** | Mga bayarin na direktang ibinabayad sa mga paaralan, tulad ng *tuition fee* | |
| **ETEEAP** | Expanded Tertiary Education Equivalency and Accreditation Program | |
| **Hindi Direktang Bayarin** | Mga bayarin na hindi direktang ibinabayad sa mga paaralan ngunit nakaaapekto sa kabuuang bayarin sa pag-aaral | |
| **LGU** | Local Government Unit o lokal na pamahalaan | |
| **PEAC** | Private Education Assistance Committee | |
| **SHS** | Senior High School | |

| Terminolohiya | Kahulugan | Gamitin ang espasyong ito upang isulat ang mahahalagang impormasyon tungkol sa terminolohiyang ito. |
|---|---|---|
| **SHS Voucher** | Ang tulong pinansiyal para sa mga nais mag-aral ng Senior High School sa mga pribadong paaralan | |
| **TESDA** | Technical Education and Skills Development Authority | |
| **TVET** | Technical Vocational Education and Training | |
| **UNIFAST** | Unified Student Financial Assistance System for Tertiary Education | |

| Magdagdag pa ng mahahalagang terminolohiya dito | Kahulugan | Gamitin ang espasyong ito upang isulat ang mahahalagang impormasyon tungkol sa terminolohiyang ito. |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |




# Welcome to HERO!

## Higher-level Education or Training Readiness Orientation

### Ang HERO ay tutulong sa iyong maging mas handa papunta sa mas mataas na antas ng edukasyon.

Ang **HERO** ay isinasagawa pagkatapos ng **Pathways Orientation for the Youth** kung saan matutukoy mo kung nais mong pumunta sa **pag-aaral, pagtatrabaho, o pagnenegosyo.** Kung pinili mong tahakin ang landas tungo sa patuloy na pag-aaral, inihahandog namin sa iyo ang **HERO,** o ang **Higher-level Education or Training Readiness Orientation.** Makikita sa flow chart sa ibaba kung nasaan ang HERO, at kung paano ka makatutuloy sa iba't ibang activities ng **USAID Opportunity 2.0.** Muli, hangad namin ang pag-alalay sa iyo tungo sa pangalawang pagkakataon!



<table>
<tr>
<td>Ano ang HERO?</td>
<td>Ang HERO ang activity ng USAID Opportunity 2.0 na magbibigay sa iyo ng impormasyon tungo sa patuloy na pag-aaral. Dahil sa HERO, masasagot ang iyong mga tanong tungkol sa pamimili ng education program na nais mong puntahan, mapili ang mga paaralang nais mong pasukan, masagot ang iyong mga tanong tungkol sa libreng pag-aaral, at maihanda ang mga dokumentong kakailanganin upang ganap kang makapag-enroll sa patuloy na pag-aaral. Higit sa lahat, dahil sa HERO, magiging mas handa ka para ituloy mo ang iyong pag-aaral.</td>
</tr>
<tr>
<td>Ano ang HERO Missions?</td>
<td>Upang maging matagumpay ka sa HERO, kailangan mong ma-accomplish ang anim na HERO Missions. Nakalista sa ibaba ang anim na HERO Missions:
<table>
<tr><td>1</td><td>Sino ang mga HEROES?<br>Sa Mission na ito, sasagutin at aalamin natin kung sino nga ba ang mga HEROES natin. Malalaman mo rin kung aling landas tungo sa patuloy na pag-aaral ang iyong tatahakin, kasama ang iyong mga ka-HERO.</td><td>Page 6-15</td></tr>
<tr><td>2</td><td>Bakit nais mong magpatuloy sa pag-aaral?<br>Sa Mission 2, mas lalaliman natin ang ating pag-alam kung bakit nais mong mag-aral muli - para saan, at para kanino. Makahihingi rin tayo ng “words of encouragement” mula sa ating mga ka-HERO.</td><td>Page 16-19</td></tr>
<tr><td>3</td><td>Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral?<br>Sa Mission na ito, malalaman natin kung paano tayo makakapag-aral nang libre, at kung ano ano ang mga scholarship or student financial assistance programs na pwede mong applyan.</td><td>Page 20-27</td></tr>
<tr><td>4</td><td>Ano ang maaari mong aralin?<br>Sa Mission 4, aalamin natin kung ano ang mga maaari mong aralin, at kung paano ka makakapunta sa iba’t ibang antas ng patuloy na pag-aaral.</td><td>Page 28-32</td></tr>
<tr><td>5</td><td>Saan ka pwedeng mag-aral?<br>Dito natin makikilala ang iba’t ibang uri ng paaralan na maaari mong puntahan, at kung paano ito makakaapekto sa uri ng pagpopondo na maaari mong applyan.</td><td>Page 33-35</td></tr>
<tr><td>6</td><td>Maghanda na!<br>Dito natin aalamin ang mga dokumentong kailangan mong isubmit, habang inaalam din natin kung ano ang mga tips and tricks upang mas maging handa ka para sa iyong pag-aaral.</td><td>Page 36-50</td></tr>
</table>
</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| **Gaano katagal ang HERO?** | Kakailanganin namin ang iyong **buong dalawang araw ng dedikasyon** upang matapos mo ang HERO. Kakailanganin natin ng halos walong oras kada araw upang maisagawa ang mga assigned HERO Missions.<br><br>**DAY ONE** — HERO Missions 1, 2, and 3<br>**DAY TWO** — HERO Missions 4, 5, and 6 |
| **Sino ang pwedeng sumali sa HERO?** | Ang mga sumusunod ang maaaring sumali sa HERO:<br>1. Completers ng Alternative Learning System (ALS) Junior High School level<br>2. Completers ng Junior High School Grade 10<br>3. Completers ng Technical Vocational Education and Training ng TESDA<br>4. High School Graduates (nakatapos ng old high school curriculum, formal Senior High School Grade 12, o ALS Senior High School)<br>5. Mga hindi nakatapos ng pag-aaral mula SHS o College |
| **Ano ang mga layunin ng HERO?** | Sa huli, ninanais ng ating programa na ikaw ay maging:<br>1. Mas handa papunta sa patuloy na pag-aaral<br>2. Mas maalam kung paano ka makararating sa iba't ibang higher-level education opportunities, at kung paano mo ito magagawa sa tulong ng patatrabaho o pagnenegosyo<br>3. Mas empowered na ipagpatuloy ang iyong pag-aaral, kasama ng pagbibigay inspirasyon sa iyong mga ka-HERO |
| **Paano kung natapos mo na ang dalawang araw ng HERO at marami ka pang tanong tungkol sa patuloy na pag-aaral?** | Sa mga pagkakataong marami ka pang nais malaman tungkol sa patuloy na pag-aaral, iniimbitahan ka namin na **sumali sa iba pang activities ng HERO.** Magsasagawa tayo ng adisyunal na half-day HERO Plus Activity, kung saan maaari kang makakuha ng adisyunal na kasagutan tungkol sa (a) Senior High School, (b) Technical Vocational Education and Training, o (c) Kolehiyo.<br><br>*Kung paano, malalaman mo ito sa mga susunod na pahina!* |

**Kung ready ka na, sagutin ang tanong sa ibaba:**

| ***Ano ang iyong superhero name at ano ang iyong superpower?*** |
|---|
| |

| HERO Mission 1: SINO ANG MGA HEROES? | |
|---|---|
| **Mga Layunin** | Sa pagtatapos ng HERO Mission 1, ninanais naming magawa mo ang mga sumusunod:<br>☐ Maipaliwanag kung ano ang HERO gamit ang sariling salita<br>☐ Mapili kung aling grupo ang nais salihan: (a) Senior High School, (b) Technical Vocational Education and Training; (c) College<br>☐ Sumali sa isang HERO Squad at makipagtulungan sa mga kapwa ka-HERO upang sagutin ang mga tanong tungkol sa patuloy na pag-aaral<br>☐ Sagutan ang HERO Pre-Test |

### ACTIVITY 1.1: Pamimili ng HERO Squads

**1. Ako ay:**

A. Tapos na ng Grade 10 o ALS Junior High School, ngunit hindi pa nakakatapos ng SHS at nais kong makapagtapos ng SHS

B. Tapos na ng Grade 10, ALS JHS, o naka-graduate na ng high school, at nagnanais na makakuha ng skills certification mula sa TESDA

C. Tapos na ng Senior High School o naka-graduate na ng high school, at nagnanais na makatuntong sa college

**2. Sa loob ng anim na buwan, nais ko at kaya kong:**

A. Makatuntong sa SHS

B. Makapagsimulang mag-aral ng TESDA course

C. Makatuntong sa kolehiyo

**3. Sa loob ng anim na buwan, nakikita ko ang sarili kong:**

A. Makipag-usap sa aking mga kaibigan tungkol sa SHS

B. Mahikayat ang iba na mag-aral ng TESDA Program


C. Makatulong sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagkokolehiyo

| | |
|---|---|
| Sino ang maaaring pumunta sa **Senior High School?** | ☐ Nakatapos na ng Grade 10<br>☐ Nakatapos ng ALS Junior High School<br>☐ Nakapasa na sa ALS Accreditation and Equivalency Exam para sa ALS Junior High School, at may Certificate of Rating nang nagsasabing maaari nang pumunta sa SHS<br>☐ Nakatuntong na sa SHS ngunit hindi pa naka-graduate ng high school, at wala pang HS diploma<br>☐ Nakagraduate na mula old HS curriculum ngunit nais mag-enroll sa SHS<br>☐ Naghihintay para sa panibagong run ng ALS A&E Exam, at ninanais nang maghanda papuntang SHS |

| | |
|---|---|
| Sino ang maaaring pumunta sa **Senior High School?** *(continuation)* | Ayon sa mga polisiya at patakaran ng **Department of Education** at ng ibang ahensya, ang mga sumusunod ang maaaring tumuloy sa SHS:<br>✓ Grade 10 Completer (DepEd Order No. 3, s. 2018)<br>✓ Philippine Educational Placement Test (PEPT) Passer or A&E Test Passer (DepEd Order No. 3, s. 2018; DepEd Order No. 25, s. 2016)<br>✓ **OPTIONAL:** HS Graduates of the old Basic Education Curriculum ***may*** enroll in SHS in lieu of the Bridging Program (DepEd Order No. 27, s 2018; DepEd Order No. 25, s. 2016), but are ***not required*** to go to SHS (CHED Memo from the Chair Nov 18, 2020) |
| Sino ang maaaring pumunta sa **Technical Vocational Education and Training?** | Ang mga inirerekomendang pumunta sa grupo ng **HERO for Upskilling and Multiskilling** ay ang mga:<br>☐ Kasalukuyang nag-aaral ng TVET courses sa alinmang Technical Vocational Institutions o TESDA Technology Institution at nais pang palawakin ng kakayanan upang maging mas handa sa trabaho o negosyo<br>☐ Nakatapos na ng high school mula old HS curriculum o mula SHS, na nagnanais na matuto pa ng karagdagang skills, ngunit hindi pa handang magkolehiyo<br>☐ Nakatapos na ng Grade 10 o ng JHS-level ng ALS, ngunit hindi pa handang tumuntong sa SHS<br><br>Ayon sa mga polisiya at patakaran ng **Technical Education and Skills Development Authority** at ng ibang ahensya, ang mga sumusunod ang maaaring tumuloy sa TVET:<br>☐ Passers of previous ALS A&E Test HS Level (Nov 2017, Mar 2018, 2019) may take skills development training programs (DepEd Order No. 27, s. 2018)<br>☐ For those who wish to avail of TESDA Scholarships (TESDA Circular No. 11, s. 2020)<br>o For Training for Work Scholarship Program, **at least 18 yrs old by end of program**<br>o For Special Training for Employment Program and Private Education Student Financial Assistance, **at least 15 yrs old at start of program**<br>o For PESFA, must be **at least HS Graduate / Completer**<br>o For Universal Access to Quality Tertiary Education**, at least 10 yrs basic education, ALS Graduates** |
| Sino ang maaaring pumunta sa **College?** | Ang mga inirerekomendang pumunta sa grupo ng **HERO for College** ay ang mga:<br>❑ Nakagraduate ng high school (maaaring mula old HS curriculum o SHS Graduate) at handa at interesadong tumuntong sa college<br>❑ Nakatapos na ng ALS SHS program, at mayroon nang Certificate of Completion na nagsasabing handa nang pumunta sa college<br>❑ Nakatuntong na sa college, ngunit hindi pa nakakagraduate at hindi pa nakakakuha ng college degree |

| | |
|---|---|
| Sino ang maaaring pumunta sa **College?** *(continuation)* | Ayon sa mga polisiya at patakaran ng **Commission on Higher Education,** ang mga sumusunod ang maaaring tumuloy sa college:<br>☐ All graduates of the old Basic Education Curriculum (CHED Memo from the Chair, November 18, 2020)<br>☐ All Grade 12 graduates, regardless of the Track or Strand taken in SHS (CHED Memo from the Chair, November 18, 2020)<br>☐ Passers of the previous ALS Accreditation and Equivalency Tests at HS Level (November 2017, March 2018, and 2019) (CHED Memorandum Order No. 10 s. 2018) (DepEd Order No. 27 s. 2018) |

**NAKAPILI KA NA BA KUNG ANONG HERO SQUAD ANG NAIS MONG SALIHAN?**




**Ang HERO Squad na nais kong salihan ay ang**

**__________________________________________________.**

**PAALALA: Isulat sa iyong HERO Notebook ang dalawang bagay na iyong natutunan mula sa araw na ito, at magsulat din ng isang tanong na nais mong masagot sa susunod na Mission.**

| PANUTO: LAHAT NG HERO YOUTH AY KAILANGANG SAGUTIN ANG PAGE 9. | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **NAME** | | | | **SITE** | |
| **AGE** | | **GENDER** | | **DATE** | |

| PART ONE: ABOUT HERO AND FURTHER EDUCATION AND TRAINING | | |
|---|---|---|
| | **1** | **Alin sa mga sumusunod ang sinisiguradong mangyayari pagkatapos mong daanan ang HERO o Higher-level Education o Training Readiness Orientation?**<br>A. Magkakaroon ka ng scholarship<br>B. Agaran kang makakapasok sa Senior High School, TechVoc, o College<br>C. Makakakuha ka ng diploma pagkatapos ng orientation<br>D. Magiging mas handa ka sa patuloy na pag-aaral |
| | **2** | **Alin sa mga sumusunod ang HINDI layunin ng HERO?**<br>A. Magiging mas handa papunta sa patuloy na pag-aaral<br>B. Gawin kang mas matagumpay sa pagtatayo ng sariling trabaho o negosyo<br>C. Magiging mas maalam kung paano ka makararating sa iba't ibang higher-level education opportunities<br>D. Magiging mas empowered na ipagpatuloy ang iyong pag-aaral, kasama ng pagbibigay inspirasyon sa iyong mga ka-HERO |
| | **3** | **Alin sa mga sumusunod ang TOTOO tungkol sa pagpunta sa Senior High School?**<br>A. Maaaring tumuloy sa SHS ang mga nakatapos na ng college<br>B. Maaaring tumuloy sa SHS ang mga nakatapos ng ALS Elementary<br>C. Maaaring tumuloy sa SHS ang mga nakatapos ng ALS Junior High School<br>D. Maaaring tumuloy sa SHS ang mga nakatapos ng ALS Senior High School |
| | **4** | **Alin sa mga sumusunod ang TOTOO tungkol sa pagpunta sa Technical Vocational Education and Training (TVET)?**<br>A. Maaari kang kumuha ng mas mataas na National Certification-level pagkatapos mong makakuha ng isang NC sa kaparehong programa<br>B. Hindi ka maaaring kumuha ng iba't ibang TechVoc skills o kumuha ng samu't saring TechVoc skills mula sa ibang programa<br>C. Kailangang bayaran nang buo ang iyong pag-aaral sa TechVoc<br>D. Kung nais mong mag-aral ng TESDA Scholarships, mangyaring lumapit sa DepEd. |
| | **5** | **Alin sa mga sumusunod ang HINDI TOTOO tungkol sa pagpunta sa College?**<br>A. Maaaring pumasok sa kolehiyo ang mga nakagraduate na ng high school<br>B. Tipikal na mas mahaba ang panahon na kakailanganin upang makatapos ng isang college degree kaysa makatapos ng isang TESDA Course.<br>C. Ang isang estudyante nakatapos ng kolehiyo ay maaaring tumuloy sa pagtatrabaho, pagnenegosyo o sa patuloy pang pag-aaral.<br>D. Hindi nagbibigay ng tulong pinansiyal ang pamahalaan para sa mga estudyanteng nais mag-aral sa kolehiyo. |

| SAGUTAN LAMANG ITO KUNG NAIS MAG-ARAL NG SENIOR HIGH SCHOOL. | | |
|---|---|---|
| **PART TWO (A): SENIOR HIGH SCHOOL** | | |
| | 1 | **Bukod sa ALS Completers, sino sa mga sumusunod ang ipinapayong tumuloy sa SHS?**<br>A. Mga papasok palang ng ALS<br>B. Mga nakatapos na ng Grade 10<br>C. Mga nakatapos na ng SHS<br>D. Mga nakatuntong na ng kolehiyo ngunit hindi pa nakakagraduate ng college |
| | 2 | **Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang TOTOO patungkol sa SHS Voucher Program?**<br>A. Ang SHS Voucher Program ay pinamamahalaan ng Private Education Assistance Committee.<br>B. Kailangang mag-apply ng ating mga estudyante sa SHS Voucher Program kung nais nilang mag-aral sa Public School.<br>C. Kasama sa voucher ang pambili ng uniporme at sapatos ng mag-aaral.<br>D. Hindi na kailangang mag-apply sa SHS Voucher Program kung nais nilang mag-aral sa pribadong SHS. |
| | 3 | **Alin sa mga sumusunod ang HINDI TOTOO patungkol sa pagkuha ng SHS Track?**<br>A. Nakatutulong ang SHS upang maging handa ka sa mundo ng trabaho, kolehiyo o negosyo.<br>B. Kapag mayroon kang SHS Diploma ay magiging mas competitive ka sa pag-apply ng trabaho.<br>C. Anuman ang kunin mong SHS Track ay magiging handa ka sa anumang College Degree na nais mong kunin.<br>D. Nakadepende sa iyong pipiliing SHS Track kung aling College Degree ang maaari mo lamang kunin. |
| | 4 | **Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang TOTOO?**<br>A. Kailangan mag-SHS ng ating mga estudyante dahil ito lang ang dahilan upang magkaroon sila ng trabaho.<br>B. Kailangang kailangang mag-SHS ng ating mga estudyante upang maging matagumpay sa buhay.<br>C. Kailangang makatapos ng high school ang sinumang nais tumuloy sa kolehiyo.<br>D. Tanging mga mag-aaral lamang na papasok ng public SHS ang tutulungan nggobyerno |
| | 5 | **Alin sa mga sumusunod ang siguradong LIBRE at HINDI KAILANGANG bayaran ng ating mga estudyante kung nais nilang pumasok sa isang pampublikong SHS?**<br>A. Laptop o tablet<br>B. Pang-araw araw na baon<br>C. Sapatos at uniporme<br>D. Tuition fee |
| | 6 | **Kung may pagkakataong hindi available sa pampublikong SHS ang nais nilang SHS Track, alin sa mga sumusunod ang ipinapayo nating gawin ng ating mga estudyante?**<br>A. Huwag nalang magpatuloy ng pag-aaral sa SHS.<br>B. Mag-ipon ng pambayad sa Tuition Fee papunta sa malapit na pribadong SHS.<br>C. Ikonsiderang kunin ang anumang SHS Track na ini-offer sa malapit na public SHS.<br>D. Maghintay ng ilang taon hanggang maging available ang ninanais na SHS Track sa pinakamalapit na public SHS. |

| SAGUTAN LAMANG ITO KUNG NAIS MAG-ARAL NG SENIOR HIGH SCHOOL. | | |
|---|---|---|
| PART TWO (A): SENIOR HIGH SCHOOL | | |
| | 7 | **Aling dokumento ang nagpapatunay ng kumpletong pangalan ng ating mga estudyante, pangalan ng ama at ina, at petsa ng kanilang kapanganakan?**<br>A. Certified Birth Certificate<br>B. Certificate of Completion<br>C. Certificate of Rating<br>D. Certificate of Indigency |
| | 8 | **Saan maaring makita ang mga paaralan na nag-ooffer ng libreng SHS at mga tracks nito?**<br>A. TESDA Website<br>B. CHED website<br>C. DepEd Website<br>D. Website ng Lokal na Pamahalaan |
| | 9 | **Alin sa mga sumusunod ang Apat na SHS Tracks?**<br>A. STEM, ABM, HUMSS, GAS<br>B. Academic, Technical-Vocational-Livelihood, Sports, Arts and Design<br>C. Home Economics, ICT, AgriFisheries, Industrial Arts<br>D. STEM, ABM, Academic, Technical-Vocational-Livelihood |
| | 10 | **Ang mga nakatapos ng SHS ay maaaring:**<br>A. Magpatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo<br>B. Magtayo ng sariling negosyo<br>C. Magtrabaho sa iba't ibang industriya<br>D. Lahat ng nabanggit |

| **Isulat dito ang mga nais matutunan sa HERO:** |
|---|
| |

**- END OF HERO (SENIOR HIGH SCHOOL) PRETEST -**

| SAGUTAN LAMANG ITO KUNG NAIS MAG-ARAL NG TVET. | | |
|---|---|---|
| **PART TWO (B): TECHNICAL VOCATIONAL EDUCATION AND TRAINING (TVET)** | | |
| | 1 | **Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang MALI tungkol sa pagkuha ng TESDA courses?**<br>A. Tipikal na mas mahaba ang panahon na kailangan ng isang estudyante upang makatapos ng isang college degree kaysa makatapos ng isang TESDA course.<br>B. Karaniwang mas maikli ang panahon na kailangan ng isang estudyante upang makatapos mula sa SHS kaysa makatapos ng isang TESDA course.<br>C. Ang isang estudyanteng nakatapos ng TESDA National Certificate ay maaaring pumunta sa mundo ng trabaho at negosyo. |
| | 2 | **Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang TAMA tungkol sa TESDA Scholarships?**<br>A. Libre ang pag-aaral ng TVET sa mga pampublikong TESDA<br>B. Bagamat libre ang tuition and school fees sa pag-aaral sa TechVoc Institutions, hindi kabilang sa mga pwede kumuha nito ang mga out-of-school youth.<br>C. Ang scholarships ay available lamang sa formal o higher education sa kolehiyo. Kung kukuha ka ng TechVoc, kailangan mong bayaran ang iyong tuition fees.<br>D. Ang mga scholarships ay available lamang sa public TESDA Technology Institutions. May bayad ang pag-aaral sa mga pribadong Tech Voc Institutions. |
| | 3 | **Sino sa mga sumusunod ang maaaring tumuloy sa TVET?**<br>A. Kasalukuyang nag-aaral ng TVET courses sa alinmang Technical Vocational Institutions (TVIs) o TESDA Technology Institutions (TTIs), at nais pang palawakin ang kakayanan upang maging mas handa sa trabaho o negosyo<br>B. Nakatapos na ng high school mula old HS curriculum o mula SHS, na nagnanais na matuto pa ng karagdagang skills, ngunit hindi pa handang magkolehiyo<br>C. Nakatapos na ng Grade 10 o ng JHS-level ng ALS, ngunit hindi pa handang tumuntong sa SHS<br>D. Lahat ng nabanggit |
| | 4 | **Kailan maaaring kumuha o pumasok sa isang TESDA Course?**<br>A. Pagkatapos ng Grade 4<br>B. Pagkatapos ng ALS Elementary<br>C. Pagkatapos ng Junior High School<br>D. Pagtuntong ng 14 years old |
| | 5 | **Alin sa mga sumusunod HINDI kabilang sa mga Priority Sectors ng TESDA?**<br>A. Tourism, Hotels and Restaurants<br>B. Transport, Communication and Storage<br>C. Health, Wellness and Other Social Services<br>D. Accountancy, Business and Management |
| | 6 | **Alin ang TOTOO tungkol sa Upskilling at Multiskilling?**<br>A. Ang Upskilling ay ang paraan upang mas mahasa pa ang kasanayan ng isang tao sa pamamagitan ng pagkumpleto ng requirement sa mas mataas na National Certification Level sa kaparehong TESDA Program.<br>B. Ang Multiskilling ang pagsasanay ng isang manggagawa sa iba't ibang TechVoc Skills at pagkuha ng iba't ibang National Certification Level mula sa samu't saring TESDA Programs.<br>C. Parehong totoo ang A at B.<br>D. Walang tamang pangungusap sa nabanggit. Mali ang A, B at C. |

| SAGUTAN LAMANG ITO KUNG NAIS MAG-ARAL NG TVET. | | |
|---|---|---|
| **PART TWO (B): TECHNICAL VOCATIONAL EDUCATION AND TRAINING (TVET)** | | |
| | 7 | **Alin naman sa mga sumusunod na pangungusap ang MALI tungkol sa mga paaralang nag-offer ng TVET?**<br>A. Ang mga pampublikong TESDA Schools ay tinatawag na "Technical Vocational Institutions" o TVIs<br>B. Ang TESDA Technology Institutions naman ang mga paaralang pinapamahalaan ng TESDA.<br>C. Sa mga TESDA Technology Institutions, automatic nang libre ang iyong pag-aaral.<br>D. Napakaraming TESDA Scholarships ang handog sa Technical Vocational Institutions. |
| | 8 | **Saan maaring makita ang mga institusyon na nag-offer ng TVET?**<br>A. CHED website<br>B. DepEd Website<br>C. TESDA Website<br>D. Website ng Lokal na Pamahalaan |
| | 9 | **Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa mga benepisyong mararanasan ng isang National Certificate-holder?**<br>A. Quality assurance in terms of skills, knowledge, attitudes, and values relevant to the industry-based competencies<br>B. Able to fire someone from work without any reasons<br>C. More opportunity for higher-paying jobs<br>D. Higher employability rate |
| | 10 | **Bakit mahalaga ang mag-upskill o mag-multiskill gamit ang TVET?**<br>A. Upang maging mas sigurado na magkaroon ng trabaho<br>B. Upang matuto ng 21st Century Skills<br>C. Upang maging handa sa nagbabagong mundo ng pagtatrabaho<br>D. Lahat ng nabanggit |

| **Isulat dito ang mga nais matutunan sa HERO:** |
|---|

**- END OF HERO (TVET) PRETEST -**

| SAGUTAN LAMANG ITO KUNG NAIS MAG-ARAL NG KOLEHIYO. | | |
|---|---|---|
| **PART TWO (C): COLLEGE** | | |
| | 1 | Ang mga sumusunod ay inirerekomendang tumuloy sa kolehiyo, maliban sa:<br>A. Nakagraduate ng high school (maaaring mula old HS curriculum o SHS Graduate) at handa at interesadong tumuntong sa college<br>B. Nakapagtapos ng ALS JHS program, at mayroon nang Certificate of Completion na nagpapatotoo sa pagtatapos ng JHS-level<br>C. Nakatapos na ng ALS SHS program, at mayroon nang Certificate of Completion na nagsasabing handa nang pumunta sa college<br>D. Nakatuntong na sa college, ngunit hindi pa nakakagraduate at hindi pa nakakakuha ng college degree |
| | 2 | Alin sa mga sumusunod ang TAMA tungkol sa college-level scholarships?<br>A. Karapatan mo ang libreng tuition fee, higit lalo sa mga pampublikong higher education institutions (HEIs).<br>B. Ang tution fee ay automatic nang libre sa alinmang pribadong HEI na nais mong puntahan.<br>C. Mangyaring lumapit sa DepEd upang malaman ang iba't ibang college-level scholarships, higit lalo sa mga pribadong HEIs.<br>D. Kung maaaring wala pang naipong pera patungo sa pribadong kolehiyo, mainam na huwag na lamang tangkain na tumungo sa mga pampublikong kolehiyo. |
| | 3 | Alin sa mga sumusunod ang maaari mong lapitan upang makahingi ng dagdag na impormasyon tungkol sa college-level scholarships?<br>A. Commission on Higher Education<br>B. Unified Student Financial Assistance System for Tertiary Education<br>C. Mismong kolehiyo o pamantasan na nais puntahan<br>D. Lahat ng nabanggit |
| | 4 | Alin sa mga sumusunod ang TOTOO tungkol sa college degrees?<br>A. Karaniwang mas maikli ang panahon na kailangan ng isang estudyante upang makatapos ng isang college degree kaysa makatapos ng Senior High School diploma.<br>B. Kung nais tumuloy ng isang mag-aaral sa kolehiyo, hindi mo kailangan ng isang high school diploma.<br>C. Tipikal na mas mahaba ang panahon na kailangan ng isang estudyante upang makatapos ng isang college degree kaysa makatapos ng isang TESDA course. |
| | 5 | Alin sa mga sumusunod na kataga ang inilalarawan sa pangungusap na ito "Ito ay ang post-secondary study na tinatapos sa loob ng isa hanggang dalawang taon, na nagpapatuloy sa pagkuha ng isang associate diploma o certificate."<br>A. College Units<br>B. College degree<br>C. Baccalaureate<br>D. Pre-Baccalaureate |
| | 6 | Sino sa mga sumusunod ang maaaring pumasok sa ETEEAP (Expanded Tertiary Education Equivalency and Accreditation Program)?<br>A. Nakatapos ng Grade 6, o passers ng ALS Accreditation and Equivalency Assessment<br>B. Filipino citizen, na at least 35 years old<br>C. Filipino citizen, at hindi pa nakakatapos ng alinmang bachelor's degree<br>D. Dapat ay nagtrabaho sa loob ng 10 taon sa industriyang nais kuhanan ng academic degree |

| SAGUTAN LAMANG ITO KUNG NAIS MAG-ARAL NG KOLEHIYO. | | |
|---|---|---|
| **PART TWO (C): COLLEGE** | | |
| | 7 | Ano ang pinakatamang kahulugan ng ETEEAP (Expanded Tertiary Education Equivalency and Accreditation Program)?<br>A. Ito ang programa ng CHED na naglalayong i-assess, i-validate, at bigyang halaga ang formal, non-formal, at informal na training at relevant work experience bilang undergraduate level units.<br>B. Ito ang programa ng CHED na naglalayong gawing work units ang nakuhang bachelor’s degree upang maging handa ang isang indibidwal tungo sa pagtatrabaho.<br>C. Ito ang programa ng CHED na naglalayong gawing entrepreneurial units ang nakuhang bachelor’s degree upang maging eligible ang isang tao tungo sa pagtatayo ng sariling negosyo.<br>D. Ito ang programa ng CHED na mas magpapadali sa isang tao na kumuha ng master’s at doctorate degree, sa proseso ng pagpapaikli ng post-baccalaureate units. |
| | 8 | Alin sa mga sumusunod ang TOTOO tungkol sa mga paaralang naghahandog ng college degrees?<br>A. Ang mga pribadong higher education institutions (HEIs) ay tinatawag na “state or local universities and colleges”<br>B. Sa mga nais mag-aral sa private HEIs, automatic nang libre ang iyong tuition and other school fees. Sagot na ito ng CHED at ng UNIFAST.<br>C. Bukod sa Tertiary Education Subsidy na handog ng CHED, marami ring national level / city level o school-based scholarships na pwede mong applyan upang makapasok sa private HEIs.<br>D. Mangyaring lumapit sa DepEd at sa TESDA upang malaman pa ang iba’t ibang college-level scholarships. |
| | 9 | Ang mga sumusunod ay tipikal na inihahanda upang mag-enroll papuntang kolehiyo, maliban sa:<br>A. Original or Certified True Copy of Form 137 / ALS Form 5<br>B. Proof of Financial Means of Parents / Guardian<br>C. Original Copy of NSO Birth Certificate<br>D. Accomplished Application Form |
| | 10 | **Saan maaring makita ang mga institusyon na nag-offer ng college degrees?**<br>A. DepEd Website<br>B. TESDA Website<br>C. DOST Website<br>D. CHED website |

| **Isulat dito ang mga nais matutunan sa HERO:** |
|---|
| |


- **END OF HERO (COLLEGE) PRETEST -**

| HERO Mission 2: BAKIT NAIS MONG MAGPATULOY SA PAG-AARAL? | |
|---|---|
| **Mga Layunin** | Sa pagtatapos ng HERO Mission 2, ninanais naming magawa mo ang mga sumusunod:<br>☐ Magbigay ng sagot kung bakit nais mong ipagpatuloy ang iyong pag-aaral, at maipamahagi ang sagot sa mga ka-HERO<br>☐ Makatukoy ng iba't ibang hamon na kinakaharap patungkol sa patuloy na pag-aaral, at makapagbigay ng iba't ibang suhestyon kung paano matutugunan ang mga hamon na ito<br>☐ Maipaliwanag ang HERO Mindset gamit ang sariling salita |
| **Importanteng Paalala: Ikaw ay isang HERO Youth! Totoo ba ang mga nakalista sa kabilang kolum?** | Bilang isang HERO Youth, ikaw ay:<br>1. Kabilang sa populasyon na nasa 15-24 yrs old, at kasama sa henerasyon ng mga GenZ<br>2. May "competitive spirit" at nais nilang maging independent<br>3. Considered na mga "digital natives", at likas sa kanila ang pagiging magaling sa mga makabagong teknolohiya<br>4. May kapasidad silang magmulti-task<br>5. May likas na creativity, entrepreneurial mindset, grit at resilience<br><br>Kabilang daw sa mga tipikal na hamon na kinakaharap ng HERO Youth patungkol sa patuloy na pag-aaral ay ang mga sumusunod:<br>1. 49.5% - Financial Problems<br>2. 29.3% - Time constraints<br>3. 11.1% - Family priorities<br><br>Ilan pa sa mga sumusunod na hamon ay:<br>a. Technological challenges (ie slow internet; lacks gadget/mobile phone)<br>b. Lack of proper guidance<br>c. Lack of parental support |

**ACTIVITY 2.1: Ano ang iyong pananaw tungkol sa mga nakasulat sa itaas? Alin dito ang totoo sa iyo, at alin naman ang hindi?**

## ACTIVITY 2.2. BIYAHERO! Let's Go!

Sagutin ang mga katanungan sa BIYAHERO! Let's Go! Worksheet upang mailahad ang iyong mga kadahilanan sa pagpapatuloy mo ng iyong pag-aaral. Maaari ka ring gumamit ng karagdagang papel kung maaaring hindi kasya ang iyong mga sagot sa bawat tanong.



| Ang HERO Mindset | |
|---|---|
| **Kilalanin natin ang HERO Mindset** | Ang **HERO Mindset** ay ang ating paniniwala na ang lahat ng tao, anuman ang kanilang estado sa buhay, ay maaaring makapunta sa higher-level education pathway na nais niyang puntahan. Gamit ang HERO Mindset, kailangan nating maintindihan na may mga kinakaharap na hamon ang mga HERO Youth na ating tinutugunan.<br><br>Gamit ang HERO Mindset, nagagawa natin ang dalawang hakbang na ito:<br>1. Bigyang suporta ang ating mga kabataan papuntang higher-level education, gamit ang pagpapalakas ng kanilang mga kalakasan<br>2. Bigyang suporta ang ating mga kabataan papuntang higher-level education, gamit ang pagbibigay ng "empathy" sa mga hamon at sitwasyon na kanilang kinakaharap |

**ACTIVITY 2.3: INSPIRATIONAL MESSAGES**
Magsulat ng dalawang maikling inspirational messages para sa iyong sarili. Maaaring ito ang mga pangungusap na gustong gusto mong marinig. Siguraduhing ang bawat pangungusap ay 'di lalampas sa walong salita.

| | |
|---|---|
| **1** | |
| **2** | |

| **REFLECTION:** Isulat dito ang mga bagay na natutunan o mga katanungan tungkol sa HERO Mission 2: Bakit nais mong magpatuloy sa pag-aaral? |
| --- |
| |

| HERO Mission 3: PAANO MO MABABAYARAN ANG IYONG PAG-AARAL? | |
|---|---|
| **Mga Layunin** | Sa pagtatapos ng HERO Mission 3, ninanais naming magawa mo ang mga sumusunod:<br>☐ Alamin ang pagkakaiba ng direkta at hindi direktanong bayarin patungkol sa pagpapatuloy ng iyong pag-aaral<br>☐ Makilala ang iba't ibang ahensya na maaaring tumulong sa iyo upang matustusan ang mga direkta at hindi direktang bayarin sa pag-aaral<br>☐ Magbahagi ng impormasyon sa iyong mga ka-HERO patungkol sa mga scholarships at iba pang financial assistance programs upang mapagpatuloy ang inyong pag-aaral |

**ACTIVITY 3.1: Isulat sa kahon ang mga bagay na kailangang bayaran para sa patuloy na pag-aaral.**

| Ang Dalawang Uri ng Bayarin | |
|---|---|
|  | **<u>DIREKTANG BAYARIN</u>**<br>Ito ang mga bayarin na direktang binabayaran sa paaralan upang ikaw ay makapag-aral. *(Halimbawa: Tuition fee)* |
|  | **<u>HINDI DIREKTANG BAYARIN</u>**<br>Ito ang mga bayarin na hindi mo direktang binabayaran sa paaralan ngunit kailangan ding pag-ipunan. *(Halimbawa: Pamasahe, pambaon, pang-proyekto, pang-internet)* |

## Bilang isang Pilipino, karapatan mo ang LIBRENG PAG-AARAL sa PAMPUBLIKONG PAARALAN.

| LEVEL | BATAS | FOR MORE INFO |
|---|---|---|
| **SENIOR HIGH SCHOOL** | Ayon sa **Republic Act 9155** "It is hereby declared the policy of the State to protect and promote the right of all citizens to quality basic education and to make such education accessible to all by providing all Filipino children a free and compulsory education in the elementary level and **FREE EDUCATION IN THE HIGH SCHOOL LEVEL**. Such education shall also include alternative learning systems for out-of-school youth and adult learners." | Para sa karagdagang impormasyon, lumapit sa **Department of Education (DepEd).** |
| **TVET** | Ayon sa Republic Act 10931, "It is the policy of the state to protect and promote the rights of all students to quality education at all levels."<br><br>**SECTION 5. FREE TVET IN POST-SECONDARY TVIS.**<br>All Filipino students who are currently enrolled, or shall enroll at any time thereafter in any post-secondary TVET leading to nondegree certificate or diploma programs offered by any **state-run TVI under TESDA shall be exempt from paying tuition and other school fees**." | Para sa karagdagang impormasyon, lumapit sa **Technical Education and Skills Development Authority (TESDA).** |
| **KOLEHIYO** | Libre din ang tuition fee ng mga estudyanteng nais mag-aral sa KOLEHIYO. Ayon sa **Republic Act 10931** "All Filipino students who are either currently enrolled at the time of the effectivity of this Act, or shall enroll at any time thereafter, in courses in pursuance of a bachelor's degree, certificate degree, or any comparable undergraduate degree **IN ANY STATE OR LOCAL UNIVERSITY OR COLLEGE (SUC OR LUC) SHALL BE EXEMPT FROM PAYING TUITION AND OTHER SCHOOL FEES**." | Para sa karagdagang impormasyon, lumapit sa **Commission on Higher Education (CHED).** |

| Pumunta sa DepEd Website upang makita ang listahan ng Senior High Schools | Pumunta sa TESDA Website upang makita ang iba't ibang TESDA Scholarships | Pumunta sa UNIFAST Website ng CHED upang makita ang iba't ibang tertiary-level scholarships |
|---|---|---|
| bit.ly/K12SHSchools | bit.ly/TESDAScholarships | bit.ly/UniFASTScholarships |

## Nais kong mag-aral sa PRIBADONG PAARALAN. Paano ito maaaring maging libre?

**Mayroong tatlong paraan upang maging LIBRE ang DIREKTANG BAYARIN sa Pribadong Paaralan.**

| | |
|---|---|
| **NATIONAL** | Saan ka man sa bansa, maaari kang makakuha ng tulong pinansiyal na ito, dahil mayroong public at private agencies na tutulong sa'yo para dito. |
| **CITY BASED** | Maaari kang makakuha ng tulong pinansiyal na ito kung mayroong naghahandog na public o private agency sa inyong siyudad. |
| **SCHOOL BASED** | Maaari kang makakuha ng tulong pinansiyal na ito depende kung ino-offer ito ng private school na nais mong pasukan. |

| TYPE OF FUNDING | SENIOR HIGH SCHOOL | TVET | COLLEGE |
|---|---|---|---|
| **NATIONAL** | **Lumapit sa DepEd at sa Private Education Assistance Committee.** Kung nais mong mag-aral sa private SHSs, mayroong **DepEd SHS Voucher Program** na nag-aabang para sa'yo! | **Lumapit sa TESDA.** Napakaraming **TESDA Scholarships** ang handog sa'yo ng TESDA kung nais mong mag-aral sa Tech-Voc Institutions (TVIs). | **Lumapit sa CHED at sa UNIFAST.** Kung nais mo namang mag-aral ng college sa private HEIs, mayroong **Tertiary Education Subsidy** na handog sa'yo ang CHED. |
| **CITY BASED** | **Lumapit sa LGU.** Maaari ring may handog na tulong pinansiyal ang inyong **lokal na pamahalaan** para sa mga estudyanteng nais mag-aral sa private SHSs. | **Lumapit sa LGU.** Maaari ring may handog na tulong pinansiyal ang inyong **lokal na pamahalaan** para sa mga estudyanteng nais mag-aral sa private TVIs. | **Lumapit sa LGU.** Maaari ring may handog na tulong pinansiyal ang inyong **lokal na pamahalaan** para sa mga estudyanteng nais mag-aral sa private HEIs. |
| **SCHOOL BASED** | **Huwag mahiyang magtanong sa Private SHS.** Kung sakaling hindi sapat ang halaga ng DepEd SHS Voucher, magtanong sa private school na nais pasukan kung mayroong tulong pinansiyal para sa'yo. | **Huwag mahiyang magtanong sa TVI.** Bukod sa TESDA, maaari ka ring magtanong sa paaralan na nais mong pasukan. | **Huwag mahiyang magtanong sa kolehiyo / unibersidad.** Magtanong ng iba pang paraan kung saan makakakuha ng subsidy / tulong pinansiyal upang masagot ang iyong tuition fee. |

**Iba-iba tayo ng ruta sa patuloy na pag-aaral.
Maaari kang magtayo ng sariling business o magtrabaho ng part-time
upang matustusan ang mga hindi direktang bayarin ng iyong pag-aaral.**

| | |
|---|---|
|  | Mangyaring lapitan ang EDC para sa **"Be Your Own Boss"** upang matutunan kung paano ka makabubuo ng iyong sariling **business**. Ang mga naiipon mo gamit ang iyong sariling business ay maaari mong gamitin para sa mga hindi direktang bayarin ng pag-aaral. |
|  | Mangyaring lapitan ang EDC para sa **"Work Based Learning"** upang matutunan kung paano ka **magiging handa papuntang trabaho.** Ang mga naiipon mo gamit ang iyong pagtatrabaho ay maaari mong ipunin habang naghahanda ka sa patuloy na pag-aaral. |

| | DIREKTANG BAYARIN | HINDI DIREKTANG BAYARIN |
|---|---|---|
|  **SHS** | ❑ Kung nais mag-aral sa public SHS, automatic nang libre ang tuition fee.<br>❑ Kung nais mag-aral sa private SHS, mag-apply sa SHS Voucher Program. | Magtanong sa lokal na pamahalaan o sa mismong paaralan kung mayroong maaaring tumulong sa mga hindi direktang bayarin patungkol sa pag-aaral.<br><br>Kung hindi pa handang mag-aral, maaari ring mag-ipon muna gamit ang pagtatayo ng business o pagtatrabaho.<br><br>Maaari mo ring pagsabayin ang pag-aaral, pagbi-business o pagtatrabaho, ngunit kailangan nito ang matinding disiplina. |
|  **TVET** | ❑ Kung nais mag-aral sa public TESDA Training Institution, automatic nang libre ang tuition fee.<br>❑ Kung nais mag-aral sa private TVET Institution, mag-apply sa TESDA Scholarships. | |
|  **College** | ❑ Kung nais mag-aral sa state o local university or college, automatic nang libre ang tuition fee.<br>❑ Kung nais mag-aral sa private HEI, mag-apply sa national, city-based o school-based scholarships. | |

**ACTIVITY 3.2A: WORKSHEET PARA SA HERO FOR SENIOR HIGH SCHOOL SQUAD**

| TANONG | SAGOT |
|---|---|
| Nais mag-aral ni Mario ng Grade 11 sa isang pampublikong paaralan sa inyong siyudad. Hanapan siya ng tatlong paaralan na maaari niyang pasukan. | |
| Nais mag-aral ni Rica, dating isang ALS Student, sa isang pribadong SHS sa inyong lungsod. Narinig din niya ang balita tungkol sa "SHS Voucher Program." Maaari mo ba siyang tulungan na alamin kung magkano ang tulong pinansiyal na maihahandog sa kanya nito, at kung ano ang prosesong kailangan niyang pagdaanan upang makapag-apply sa SHS Voucher Program? *(Clue: I-check ang website ng Private Education Assistance Committee)* | |
| Ang kaibigan ni Rica na si Fatima ay nais ding mag-aral ng SHS, ngunit hindi sapat ang kinikita ng pamilya ng Fatima upang siya'y makapag-aral. Naisip ni Fatima na magtayo ng negosyo upang makatulong sa kaniyang pag-aaral. Bigyan si Fatima ng ilang suhestyon kung paano siya makakapag-aral at kung ano ang negosyong maaari niyang itayo. | |

**ACTIVITY 3.2B: WORKSHEET PARA SA HERO FOR UPSKILLING AND MULTISKILLING SQUAD**

| TANONG | SAGOT |
|---|---|
| Nais ni Eric na magtrabaho kaagad pagkatapos niyang mag-aral ng isang course sa TESDA. Hanapin ang pinakamalapit na TESDA Technology Institute sa inyong lugar kung saan pwede mag-aral sa Eric, at alamin din kung ano ang mga pwede niyang aralin sa TTI na ito. (Clue: Ang TTI ay ang pampublikong paaralan kung saan pwede kang mag-aral ng TESDA Courses). | |
| Nais mag-aral ni Bianca ng Bread and Pastry, kahit pa ito ay ini-offer sa pribadong Technical-Vocational Institution (TVI). Alam ni Bianca na ang TVI ay ang mga private schools na nag-offer ng TESDA courses. Maghanap ng tatlo hanggang limang TVI sa inyong lugar na maaari mong irekomenda kay Bianca. | |
| Si Justin ang breadwinner ng kanilang pamilya. Nais niya rin sanang mag-aral ng TESDA Course ngunit hindi naman niya maiwan ang pagtatrabaho bilang isang construction worker. Ano ang maipapayo mo kay Justin na nais mag-aral ng TESDA Course ngunit nais ding ipagpatuloy ang kaniyang pagaaral? | |

**ACTIVITY 3.2C: WORKSHEET PARA SA HERO FOR COLLEGE SQUAD**

| TANONG | SAGOT |
|---|---|
| Nakatapos si Abby ng high school mula old high school curriculum noong 2015. Nais niyang mag-aral sa pampublikong pamantasan kung saan maaari siyang maka-avail ng Free Higher Education. Hanapan si Abby ng dalawa hanggang tatlong HEI sa inyong lugar kung saan pwedeng mag-aral si Abby. | |
| Si Jeric naman ay nakatapos ng SHS noong 2017. Naantala din ang kaniyang pag-aaral dahil kinailangan niyang mag-alaga ng kaniyang lola. Ngayong ready na si Jeric na mag-kolehiyo, gusto niyang mag-aral ng BS Engineering kahit pa ito ay nasa isang pribadong kolehiyo. Tulungan si Jeric na alamin kung ano ang Tertiary Education Subsidy, at ano ang mga pribilehiyo nito at ang proseso ng pag-apply dito. | |
| Si Jay ay isang aspiring college student din. Bilang isang self-made man, nais niyang ipagpatuloy ang kaniyang pag-aaral, ngunit kailangan din niyang magtrabaho. Bigyan ng payo si Jay kung paano siya makakapag-aral ng BS Nursing, habang siya ay kasalukuyang nagtatrabaho sa isang call center company. | |


| **REFLECTION:** Isulat dito ang mga bagay na natutunan o mga katanungan tungkol sa HERO Mission 3: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? |
|---|
| |

## HERO Mission 4: ANO ANG MAAARI MONG ARALIN?

| **Mga Layunin** | Sa pagtatapos ng HERO Mission 4, ninanais naming magawa mo ang mga sumusunod:<br>☐ Malaman ang koneksyon ng SHS, TVET at College-level education, at kung paano makatutulay mula sa isang level papunta sa isa<br>☐ Makagawa ng isang personal Learning Roadmap na gagabay sa sarili kung paano makapagpapatuloy ng pag-aaral |
|---|---|

## SHS, TVET, o College: Ano nga ba ang mga ito?

### HELLO, SHS!




Ang mga maaaring pumunta sa **SENIOR HIGH SCHOOL** ay ang mga estudyanteng nakatapos ng (a) Formal Junior High School Grades 7-10, at ng (b) Alternative Learning System – Junior High School level. Ang Senior High School ay:


- ☐ **Huling dalawang taon ng K-12 Program**, na binubuo ng Grades 11 and 12 (Republic Act 10533)
- ☐ Mayroong **apat na SHS Tracks (Academic, TVL, Sports, Arts and Design)**, na nag-offer ng iba't ibang specializations upang matulungan ang mga estudyante na maging mas handa sa mundo ng pagtatrabaho, pagnenegosyo, o pagkokolehiyo

Pagkatapos ng dalawang taon ng **Senior High School,** ang mga estudyante ay:

- ☐ Makakakuha ng **SHS Diploma**, na maaaring gamitin papuntang trabaho, negosyo, kolehiyo, o TVET
- ☐ Ayon sa CHED, ano pa man ang iyong SHS Track ay maaari kang kumuha ng alinmang degree sa kolehiyo, ngunit maaari kang pakuhanin ng bridging program kung sakaling hindi tugma ang iyong SHS Track sa nais na bachelor's degree (CHED Memorandum from the Chair, November 18, 2020)
- ☐ Ayon sa DepEd, kung hindi pa handa ang mga HS graduates ng old basic education curriculum ay maaari rin silang pumasok sa SHS kaysa dumerecho ng kolehiyo at kumuha ng bridging programs (DepEd Order No. 27, s. 2018)

## SHS, TVET, o College: Ano nga ba ang mga ito?

### HELLO, TVET!




Kapag ikaw ay mag-aaral ng Technical Vocational Education and Training (TVET), maaari kang mag:

- ☐ **UPSKILLING** – Ito ang paraan upang mas mahasa pa ang inyong karanasan gamit ang pag-enroll at pagkumpleto sa requirements ng mas mataas na National Certification Level sa kaparehong programa *(Bread and Pastry NC II to Bread and Pastry NC III)*

- ☐ **MULTISKILLING** – Ito ang pagsasanay sa iba't ibang TechVoc Skills na maaaring magamit sa pagsasagawa ng trabaho sa samu't saring industriya. *(Bread and Pastry NC II to Bartending NC II)*

**Maaari kang pumili ng TVET Program mula sa pitong priority sectors:**

1. Tourism, Hotels and Restaurants
2. Construction
3. IT-BPO
4. Transport, Communication and Storage
5. Manufacturing
6. Health, Wellness and Other Social Services
7. Agriculture, Fisheries and Forestry

Nakalista sa susunod na pahina ang iba't ibang TVET Courses na maaari mong kunin.

**Tourism, Hotels and Restaurants**

1. Food and Beverage Services NCI – NCIII
2. Food Processing NCI-NCIII
3. Bread and Pastry Production NCI-NCIII
4. Commercial Cooking NCI-NCIII
5. Bartending NCI-NCIII
6. Housekeeping Procedures NCI-NCIII
7. Front Office Procedures NCI-NCIII
8. Event Management Procedures NCI-NCIII

**Transport, Communication and Storage**

1. Automotive Body Painting / Finishing NC II
2. Auto Engine Rebuilding NC II
3. Automotive Servicing NC I – IV
4. Motorcycle / Small Engine Servicing NC II
5. Front Office Services NC II
6. Driving NC II
7. Driving (Passenger Bus / Straight Truck) NC III
8. Driving (Articulated Vehicle) NC III
9. Warehousing Services NC II

**IT-BPO**

1. 2D Animation NC III
2. 3D Animation NC III
3. Animation NC II
4. Technical Drafting NC II
5. CAD / CAM Operation NC III
6. Contact Center Services NC II
7. Customer Service NC II
8. Web Development NC III
9. Game Programming NC III
10. Programming (.net technology) NC III
11. Programming (Java) NC III
12. Programming (Oracle Database) NC III

**Health, Wellness and Other Social Services**

1. Barbering NC II
2. Beauty Care NC II-III
3. Bookkeeping NC III
4. Caregiving NC II
5. Hairdressing NC II-III
6. Pharmacy Services NC III
7. Security Services NC I-III
8. Health Care Services NC II
9. Contact Center Services NC II
10. Biomedical Equipment Services NC II

**Agriculture, Fisheries and Forestry**

1. Agricultural Crops Production NC I-NC III
2. Agro-Entrepreneurship NC II
3. Animal Production NC II
4. Aquaculture NC II
5. Horticulture NC II-NC III
6. Fish Capture NC I-NCII
7. Animal Health Care and Management NC III
8. Fishing Gear Repair and Maintenance NC III
9. Pest Management (Vegetables) NC II
10. Fishport / Wharf Operation NC I
11. Rice Machinery Operations NC II
12. Landscape Installataion and Maintenance (Softscape) NC II

**Construction**


1. Masonry NCI-NCII
2. Pipe Fitting NCII
3. Plumbing NCI-NCII
4. Architectural Desktop
5. Building Maintenance Supervision
6. Building Wiring Installation NCII
7. Carpentry NCII
8. Construction Painting NCII
9. Crane Operator Course
10. Heavy Equipment Operation Backhoe Loader NCII
11. Heavy Equipment Operation Bulldozer NCII
12. Diploma in Civil Technology
13. Drafting Technology (1-yr)
14. Fiberglass Craft
15. Industrial Electricity

**Manufacturing**

1. Mechatronics Servicing NC II to IV
2. Tailoring NC II
3. Dressmaking NC II
4. Food Processing NC I to IV
5. Automotive Body Painting/Finishing NC II
6. Auto Engine Rebuilding NC II
7. Automotive Body Repairing NC II
8. Chemical Process Operations NC III
9. Computer Systems Servicing NC II
10. Consumer Electronics Servicing NC II-III
11. Shielded Metal Arc Welding NC I-IV
12. Tool and Die Making NC II
13. Fish Products Packaging NC II
14. Slaughtering Operations (Large Animal) NC II
15. Slaughtering Operations (Swine) NC II

## SHS, TVET, o College: Ano nga ba ang mga ito?

### HELLO, COLLEGE!




**Ano ang ibig sabihin ng pagkokolehiyo?**

Mayroong dalawang level ang tertiary education:

1. Ang una ay ang **"Pre-Baccalaureate"**, na binubuo ng post-secondary study na tipikal na tinatapos sa loob ng isa hanggang dalawang taon, na magpapatuloy sa pagkuha ng isang associate diploma o certificate.
2. Ang four-year college education naman ay tinawatag na **"Baccalaureate"** o **bachelor's degree**. Tinatapos ito sa loob ng apat hanggang limang taon.

**Paano kung hindi pa ako handang magkolehiyo at kailangan kong magtrabaho? Mayroon pa bang ibang landas tungo sa pagkokolehiyo?**


Kung hindi pa handang magkolehiyo ngayon, maaari mo ring tahakin ang **Expanded Tertiary Education Equivalency and Accreditation Program (ETEEAP)**. Ang ETEEAP ang programa ng CHED na naglalayong i-assess, i-validate, at bigyang halaga ang formal, non-formal, at informal na training at relevant work experience bilang undergraduate level units, papunta sa paghahandog ng appropriate na academic degree.

**Sino ang pwede sa ETEEAP?**

- ☐ Nakatapos ng high school, o passers ng ALS A&E na may resultang pwede nang pumasok sa first year college
- ☐ Filipino citizen, na at least 23 years old
- ☐ Dapat ay nagtrabaho sa loob ng 5 taon sa industriyang nais kuhanan ng academic degree

## Activity 4.1 Gawin ang personal Learning Roadmap!

Maglagay ng arrows mula sa isang kahon papunta sa isa, base sa mga landas na nais mong puntahan.
Sa huling kahon na “Desired Futures” isulat dito kung ano ang pinaka-nais mong matamo pagkatapos mong mag-aral.



| HERO Mission 5: SAAN KA PWEDENG MAG-ARAL? | |
|---|---|
| **Mga Layunin** | Sa pagtatapos ng HERO Mission 5, ninanais naming magawa mo ang mga sumusunod:<br>☐ Mailarawan ang paaralan na nais puntahan<br>☐ Malaman kung paano naaapektuhan ng uri ng paaralang nais pasukan ang uri ng funding na maaari mong applyan<br>☐ Makagawa ng Community Map kasama ang mga ka-HERO upang mailarawan ang lapit o layo ng mga paaralan mula sa tahanan |

**ACTIVITY 5.1: IGUHIT ANG IYONG DREAM SCHOOL!**

| **Ano ang mga lugar dito?** | **Ano ang mga nangyayari rito?** | **Ano ang slogan nito?** |
|---|---|---|
| | | |

| Ang Dalawang Uri ng Paaralan | Senior High School | Technical Vocational Education and Training | College |
|---|---|---|---|
| **Public / Pampublikong Paaralan** Ito ang mga paaralang pinapatakbo ng pamahalaan, at nagpapatuloy gamit ang buwis / taxes na binabayad ng bawat Pilipino. | ✓ Bukod sa "public SHS", tinatawag din silang **"DepEd Senior High Schools"**<br><br>✓ **AUTOMATIC nang libre** ang direktang bayarin / tuition fee mo sa public SHSs. Sagot na ito ng DepEd. | ✓ Tipikal silang tinatawag na **TESDA Technology Institutions**<br><br>✓ **AUTOMATIC ding libre** ang direktang bayarin / tuition fee mo sa TESDA Technology Institutions. Sagot na ito ng TESDA. | ✓ Ang public HEIs ay tinatawag na **State o Local Universities and Colleges.**<br><br>✓ Sa mga nais na mag-aral sa SUCs / LUCs, AUTOMATIC ding libre ang iyong direktang bayarin / tuition fees. Sagot na ito ng CHED at UNIFAST. |
| **Private / Pribadong Paaralan** Ito ang mga paaralang pinapatakbo ng mga pribadong ahensiya, at nagpapatuloy gamit ang direktang bayarin / tuition fee mula sa mga magaaral. | ✓ Bukod sa "private SHS", tinatawag din silang **"Non-DepEd Senior High Schools"**<br><br>✓ Kagaya ng inaral sa HERO Mission 2, mayroong **DepEd SHS Voucher Program** na maaari mong applyan kung nais mag-aral sa Private SHS. | ✓ Tipikal silang tinatawag na **Technical Vocational Institutions (TVIs)**<br><br>✓ Napakarami ring **TESDA Scholarships** kung nais mag-aral sa mga TVIs. Mangyaring lumapit sa mismong TVI upang malaman ang mga handog nilang TESDA Scholarships. | ✓ Maraming katagang ginagamit sa private HEIs tulad ng institute, academy, college, school, o university.<br><br>✓ Bukod sa **Tertiary Education Subsidy na handog ng CHED**, marami ring **national level / city level o school-based scholarships** na pwede mong applyan upang makapasok sa private HEIs. |

| | |
|---|---|
| **Ngayong alam na natin kung ano ang dalawang uri ng paaralan, paano naman natin malalaman ang paaralan na para sa atin?** | **MGA SALIK NA MAAARING IKONSIDERA SA PAGHAHANAP NG PAARALAN:**<br>1. **DISTANSIYA -** Gusto mo bang mag-aral sa isang paaralang malayo o malapit mula sa inyong tirahan?<br>2. **KOMUNIDAD -** Sino ang mga kakilala mo dito? Sino ang makakatulong sa iyo dito?<br>3. **IMPORMASYON -** Ano na ang alam mo tungkol sa paaralang ito?<br>4. **KURSONG HANDOG -** Ano ang mga maaari mong aralin sa paaralang ito? Ini-offer ba nito ang course na nais mo? |
| **Sino ang mga maaaring makapagbigay sa'yo ng impormasyon tungkol sa mga paaralang maaaring pasukan?** | 1. **LOCAL COUNCIL** - Makipag-ugnayan sa inyong barangay o lokal na pamahalaan tungkol sa mga paaralang malapit sa inyong lugar.<br>2. **INTERNET -** I-search ang mga paaralan gamit ang internet at mga link ng DepEd, TESDA o CHED. Kung may napupusuan ka nang paaralan ay maaari mo na ring i-check ang websites ng mga paaralan.<br>3. **MGA KAKILALA -** Magtanong sa mga kakilala, tulad ng mga kaibigan, kapamilya, dating guro, kapitbahay, at iba pang mapagkakatiwalaang tao kung saan pwede mag-aral. |

| **REFLECTION:** Isulat dito ang mga bagay na natutunan o mga katanungan tungkol sa HERO Mission 5: Saan ka pwedeng mag-aral? |
|---|
| |

| HERO Mission 6: MAGHANDA NA! | |
|---|---|
| **Mga Layunin** | Sa pagtatapos ng HERO Mission 6, ninanais naming magawa mo ang mga sumusunod:<br>☐ Malaman kung ano ang mga dokumentong kailangang ihanda upang maipagpatuloy ang pag-aaral<br>☐ Pagtuklas kung paano mas maihahanda ang sarili sa patuloy na pag-aaral |

**ACTIVITY 6.1: Isulat sa kahon ang mga dokumentong kailangan mong ihanda upang makapag-apply sa patuloy na pag-aaral.**


| Ilan sa mga Dokumentong Kailangang Ihanda | |
|---|---|
| **SENIOR HIGH SCHOOL** | **Para sa mga nais mag-aral ng Senior High School, tipikal na hihingin ang mga sumusunod na requirements:**<br>☐ Accomplished Application Form<br>☐ ALS Form 5 / Form 137<br>☐ Certificate of ALS Completion / High School Diploma<br>☐ Kung available ay Resulta ng ALS A&E Test<br>☐ 2x2 pictures<br>☐ Certificate of Good Moral Character<br>☐ Birth Certificate<br><br>***Para sa mga nais mag-aral sa private SHS, maaaring may reservation fee / admission fee na kailangang bayaran.*** |

| | |
|---|---|
| | **Kung nais namang mag-apply sa SHS Voucher Program o sa alinmang available na student financial assistance program, tipikal ding hinihingi ang mga sumusunod:**<br>☐ Certificate of Indigency (libre, mula sa barangay)<br>☐ Completed Application Form<br>☐ Proof of Financial Means of Parents / Guardian<br>☐ Certified True Copy of Form 137 / Grade Slip / ALS Form 5<br>☐ Recommendation Letter<br><br>**Mainam na i-check ang website ng nais pag-applyan ng scholarship program upang malaman kung ano ang mga requirements na kailangan. Maaaring ang mga nakalista sa itaas ay hindi na rin kailangang isumite.** |
| **TVET** | Para sa mga nais mag-aral ng **Technical Vocational Education and Training Course**, tipikal na hihingin ang mga sumusunod na requirements:<br>☐ Accomplished Application Form<br>☐ ALS Form 5 / Form 137<br>☐ Certificate of ALS Completion / High School Diploma<br>☐ Certificate of Good Moral Character<br>☐ Birth Certificate<br><br>*May ibang TESDA Courses din na nangangailangan ng **Health Certificate**. Muli, mainam na makipag-usap sa TESDA School na nais puntahan upang malaman ang detalyadong listahan ng requirements.* |
| **COLLEGE** | Maaaring mas maraming requirements ang hingin para sa mga nais tumuloy sa **kolehiyo**. Ilan na rito ang:<br>☐ Accomplished Application Form<br>☐ Original or Certified True Copy of Form 137 / ALS Form 5<br>☐ Certificate of Good Moral Character<br>☐ Original Copy of NSO Birth Certificate<br>☐ Letter of Application<br>☐ Two pieces of 2x2 picture<br>☐ Admission Test Fee<br>☐ Recommendation Letters<br>☐ Para sa mga nais kumuha ng arts degrees, mayroon ding hinihinging portfolio ang ibang Pamantasan<br><br>*Mas masusi ang proseso ng pag-apply papuntang kolehiyo, ngunit huwag mangamba. Makipag-usap lamang sa Admissions Officer / Registrar ng pamantasan na nais puntahan upang malaman ang detalyadong listahan ng requirements.* |


**Ipinapayo namin na ikaw ay LUMAPIT at MAKIPAG-USAP sa mga PAARALANG NAIS PASUKAN upang malaman ang aktwal, tama, at detalyadong listahan ng requirements para sa papasukang paaralan, mangyaring makipag-usap sa Admissions Officer / School Registrar.**

**Kung may mga requirements namang kailangan mula sa pinanggalingang paaralan, huwag rin mahiyang lumapit sa inyong Guro / ALS Teacher / School Registrar.**

**Bukod sa mga dokumentong kailangang ihanda, ang pinaka-kailangan mong ihanda ay ang iyong sarili.**



**REFLECT**
Pagninilay sa iyong mga goals, interes, at mga katangian



**RECONNECT**
Makipag-usap sa mga mahal sa buhay na makatutulong sa pagdedesisyon sa buhay



**REDISCOVER**
Pagtukoy sa ating mga kalakasan at kahinaan, at kung ano ang nais nating pag-ibayuhin pa sa susunod



**REST**
Magpahinga para sa ikagagaan ng pakiramdam, at upang ma-boost ang self-confidence

| ACTIVITY 6.2: PAANO KAYA MAIHAHANDA ANG SARILI?<br>Isulat sa mga inilaang kahon sa ibaba ang iyong kasagutan. | |
|---|---|
| **Pagkatapos ng anim na Missions ng HERO, isulat dito kung saan ka malakas at mahusay.** | |
| **Pagkatapos ng anim na missions ng HERO, isulat dito kung ano pa ang dapat mong palakasin pa.** | |

| | |
|---|---|
| **Isulat sa pahinang ito ang iyong mga natutunan mula sa HERO.**<br><br>*(a) Ano ang pinakanatutunan mo mula sa iyong sarili?*<br><br>*(b) Ano ang natutunan mo mula sa iyong mga ka-HERO?*<br><br>*(c) Ano ang masasabi mo tungkol sa HERO bilang isang programa?*<br><br>*(d) Sino ang mga nais mong pasalamatan para sa iyong Biyaheng HERO?*<br><br>*(e) Ano pa ang ipinapangako mong gawin upang maging mas handa tungo sa patuloy na pag-aaral?* | |

| | ADDITIONAL RESOURCES | QR CODE |
|---|---|---|
| **SENIOR HIGH SCHOOL** | **The K to 12 Basic Education Program**<br>Puntahan ang link na ito upang malaman kung ano ang K to 12 Program at kung saan pumapasok ang programa ng Senior High School.<br>bit.ly/K12-SHS | |
| | **DepEd List of Senior High Schools**<br>Puntahan ang link na ito kung nais makita ang kumpletong listahan ng mga pribadong paaralan na nag-ooffer ng Senior High School.<br>bit.ly/K12SHSchools | |
| | **PEAC Online Voucher Application Portal**<br>Puntahan ang link na ito kung nais mong mag-apply sa SHS Voucher Program na handog ng Department of Education at ng Private Education Assistance Committee.<br>https://ovap.peac.org.ph/ | |
| **TECHNICAL VOCATIONAL EDUCATION AND TRAINING** | **List of TESDA Accredited Schools and Training Centers**<br>Bisitahin ang link na ito upang makita ang iba't ibang TESDA Schools and Training Centers sa buong bansa.<br>bit.ly/TESDASchools | |
| | **List of TESDA Courses**<br>I-check ang link na ito upang makita ang komprehensibong listahan ng TESDA Courses at alamin kung saan maaaring aralin ang mga courses na ito. Saliksikin ang website na ito!<br>bit.ly/TESDACourses | |
| | **TESDA Scholarship Programs**<br>Alamin ang iba't ibang TESDA Scholarship Programs tulad ng Universal Access to Quality Tertiary Education, Training for Work Scholarship Program, Private Education Student Financial Assistance, Special Training for Employment Program, TESDA Online Program, Rice Extension Services Program at Tulong Trabaho Law.<br>bit.ly/TESDAScholarships2 | |
| **COLLEGE** | **UNIFAST Website**<br>Puntahan ang website ng Unified Student Financial Assistance System for Tertiary Education (UNIFAST) upang malaman ang iba't ibang student financial assistance programs para sa mga nagnanais tumuntong sa kolehiyo. Napakaraming scholarships opportunities sa link na ito.<br>https://unifast.gov.ph/ | |
| | **ETEEAP**<br>Kung nais mong mag-ETEEAP (Expanded Tertiary Education Equivalency and Accreditation), puntahan ang link na ito. Nandito ang proseso ng pag-apply sa ETEEAP, at ang listahan ng mga kolehiyo at unibersidad na nag-offer ng ETEEAP.<br>bit.ly/CHED-ETEEAP | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **NAME** | | | | **SITE** | |
| **AGE** | | **GENDER** | | **DATE** | |

| **PANUTO: LAHAT NG HERO YOUTH AY KAILANGANG SAGUTIN ANG PAGES 42-44** | | |
|---|---|---|
| **PART ONE: About HERO and Further Education and Training** | | |
| | **1** | **Alin sa mga sumusunod ang sinisiguradong mangyayari pagkatapos mong daanan ang HERO o Higher-level Education o Training Readiness Orientation?**<br>A. Magkakaroon ka ng scholarship<br>B. Agaran kang makakapasok sa Senior High School, TechVoc, o College<br>C. Makakakuha ka ng diploma pagkatapos ng orientation<br>D. Magiging mas handa ka sa patuloy na pag-aaral |
| | **2** | **Alin sa mga sumusunod ang HINDI layunin ng HERO?**<br>A. Magiging mas handa papunta sa patuloy na pag-aaral<br>B. Gawin kang mas matagumpay sa pagtatayo ng sariling trabaho o negosyo<br>C. Magiging mas maalam kung paano ka makararating sa iba't ibang higher-level education opportunities<br>D. Magiging mas empowered na ipagpatuloy ang iyong pag-aaral, kasama ng pagbibigay inspirasyon sa iyong mga ka-HERO |
| | **3** | **Alin sa mga sumusunod ang TOTOO tungkol sa pagpunta sa Senior High School?**<br>A. Maaaring tumuloy sa SHS ang mga nakatapos na ng college<br>B. Maaaring tumuloy sa SHS ang mga nakatapos ng ALS Elementary<br>C. Maaaring tumuloy sa SHS ang mga nakatapos ng ALS Junior High School<br>D. Maaaring tumuloy sa SHS ang mga nakatapos ng ALS Senior High School |
| | **4** | **Alin sa mga sumusunod ang TOTOO tungkol sa pagpunta sa Technical Vocational Education and Training (TVET)?**<br>A. Maaari kang kumuha ng mas mataas na National Certification-level pagkatapos mong makakuha ng isang NC sa kaparehong programa<br>B. Hindi ka maaaring kumuha ng iba't ibang TechVoc skills o kumuha ng samu't saring TechVoc skills mula sa ibang programa<br>C. Kailangang bayaran nang buo ang iyong pag-aaral sa TechVoc<br>D. Kung nais mong mag-aral ng TESDA Scholarships, mangyaring lumapit sa DepEd. |
| | **5** | **Alin sa mga sumusunod ang HINDI TOTOO tungkol sa pagpunta sa College?**<br>A. Maaaring pumasok sa kolehiyo ang mga nakagraduate na ng high school<br>B. Tipikal na mas mahaba ang panahon na kakailanganin upang makatapos ng isang college degree kaysa makatapos ng isang TESDA Course.<br>C. Ang isang estudyante nakatapos ng kolehiyo ay maaaring tumuloy sa pagtatrabaho, pagnenegosyo o sa patuloy pang pag-aaral.<br>D. Hindi nagbibigay ng tulong pinansiyal ang pamahalaan para sa mga estudyanteng nais mag-aral sa kolehiyo. |

| PART TWO: TRAINING EVALUATION<br>Sumasangayon ka ba sa mga sumusunod na pangungusap?<br>Lagyan ng check ang kolum na pinaka-tumutugma sa iyong sagot. | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | MATINDING HINDI SUMASANGAYON | HINDI SUMASANGAYON | SUMASANGAYON | MATINDING SUMASANGAYON |
| **(1) Malinaw at nakaka-engganyo ang pagkakalahad ng mga Mission sa HERO.** | | | | |
| **(2) Friendly at professional ang learning atmosphere ng HERO Training.** | | | | |
| **(3) Ang mga materyales, slide decks, worksheets at iba pang handouts ay maayos na naipamigay sa amin.** | | | | |
| **(4) Maganda ang diskusyon at ang interaksyon sa pagitan ng mga HERO Facilitators at ng mga participants.** | | | | |
| **(5) Maayos na na-manage ang oras. Nagsimula at natapos kami sa itinakdang oras.** | | | | |
| **(6) Nasagot ng mga HERO Facilitators ang aming mga tanong sa malinaw at tamang paraan.** | | | | |
| **(7) Nakakatuwa ang mga HERO Facilitators. Pakiramdam ko ay safe na magtanong sa kanila.** | | | | |
| **(8) Napakaraming ibinigay na valuable insights at tips ang mga HERO Facilitators na makatutulong sa amin sa pagpapatuloy ng pag-aaral.** | | | | |
| **(9) Malinaw ang lahat ng mga ibinigay na instructions sa amin (i.e. pre-work, training completion requirements, and post-work), at naihingi ito sa amin sa isang maayos na pamamaraan.** | | | | |
| **(10) Napakahusay ng pagkakadeliver at pagkakaimplement ng HERO.** | | | | |

**KARAGDAGANG TANONG TUNGKOL SA KALIDAD NG TRAINING**

| | |
|---|---|
| **(11) Aling bahagi ng HERO ang pinaka-naenjoy mo?** | |
| **(12) Aling tatlong bagay ang pinaka nakatulong sa'yo pagkatapos ng HERO?** | |
| **(13) Ano ang dalawang bagay tungkol sa HERO ang maaari pang ayusin / mas paghusayan pa?** | |
| **(14) Magbigay ng isang tanong na iyong iniisip pagkatapos ng HERO.** | |
| **(15) Mayroon ka pa bang ibang komento tungkol sa HERO?** | |

**PAALALA: Para sa Part Three, sagutan lamang ang akmang Post-Test portion base sa nasagutang HERO PreTest.**

| SAGUTAN LAMANG ITO KUNG NAIS MAG-ARAL NG SENIOR HIGH SCHOOL. | | |
|---|---|---|
| PART THREE (A): SENIOR HIGH SCHOOL | | |
| | 1 | **Bukod sa ALS Completers, sino sa mga sumusunod ang ipinapayong tumuloy sa SHS?**<br>A. Mga papasok palang ng ALS<br>B. Mga nakatapos na ng Grade 10<br>C. Mga nakatapos na ng SHS<br>D. Mga nakatuntong na ng kolehiyo ngunit hindi pa nakakagraduate ng college |
| | 2 | **Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang TOTOO patungkol sa SHS Voucher Program?**<br>A. Ang SHS Voucher Program ay pinamamahalaan ng Private Education Assistance Committee.<br>B. Kailangang mag-apply ng ating mga estudyante sa SHS Voucher Program kung nais nilang mag-aral sa Public School.<br>C. Kasama sa voucher ang pambili ng uniporme at sapatos ng mag-aaral.<br>D. Hindi na kailangang mag-apply sa SHS Voucher Program kung nais nilang mag-aral sa pribadong SHS. |
| | 3 | **Alin sa mga sumusunod ang HINDI TOTOO patungkol sa pagkuha ng SHS Track?**<br>A. Nakatutulong ang SHS upang maging handa ka sa mundo ng trabaho, kolehiyo o negosyo.<br>B. Kapag mayroon kang SHS Diploma ay magiging mas competitive ka sa pag-apply ng trabaho.<br>C. Anuman ang kunin mong SHS Track ay magiging handa ka sa anumang College Degree na nais mong kunin.<br>D. Nakadepende sa iyong pipiliing SHS Track kung aling College Degree ang maaari mo lamang kunin. |
| | 4 | **Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang TOTOO?**<br>A. Kailangan mag-SHS ng ating mga estudyante dahil ito lang ang dahilan upang magkaroon sila ng trabaho.<br>B. Kailangang kailangang mag-SHS ng ating mga estudyante upang maging matagumpay sa buhay.<br>C. Kailangang makatapos ng high school ang sinumang nais tumuloy sa kolehiyo.<br>D. Tanging mga mag-aaral lamang na papasok ng public SHS ang tutulungan nggobyerno |
| | 5 | **Alin sa mga sumusunod ang siguradong LIBRE at HINDI KAILANGANG bayaran ng ating mga estudyante kung nais nilang pumasok sa isang pampublikong SHS?**<br>A. Laptop o tablet<br>B. Pang-araw araw na baon<br>C. Sapatos at uniporme<br>D. Tuition fee |
| | 6 | **Kung may pagkakataong hindi available sa pampublikong SHS ang nais nilang SHS Track, alin sa mga sumusunod ang ipinapayo nating gawin ng ating mga estudyante?**<br>A. Huwag nalang magpatuloy ng pag-aaral sa SHS.<br>B. Mag-ipon ng pambayad sa Tuition Fee papunta sa malapit na pribadong SHS.<br>C. Ikonsiderang kunin ang anumang SHS Track na ini-offer sa malapit na public SHS.<br>D. Maghintay ng ilang taon hanggang maging available ang ninanais na SHS Track sa pinakamalapit na public SHS. |

| SAGUTAN LAMANG ITO KUNG NAIS MAG-ARAL NG SENIOR HIGH SCHOOL. | | |
|---|---|---|
| PART THREE (A): SENIOR HIGH SCHOOL | | |
| | 7 | **Aling dokumento ang nagpapatunay ng kumpletong pangalan ng ating mga estudyante, pangalan ng ama at ina, at petsa ng kanilang kapanganakan?**<br>A. Certified Birth Certificate<br>B. Certificate of Completion<br>C. Certificate of Rating<br>D. Certificate of Indigency |
| | 8 | **Saan maaring makita ang mga paaralan na nag-ooffer ng libreng SHS at mga tracks nito?**<br>A. TESDA Website<br>B. CHED website<br>C. DepEd Website<br>D. Website ng Lokal na Pamahalaan |
| | 9 | **Alin sa mga sumusunod ang Apat na SHS Tracks?**<br>A. STEM, ABM, HUMSS, GAS<br>B. Academic, Technical-Vocational-Livelihood, Sports, Arts and Design<br>C. Home Economics, ICT, AgriFisheries, Industrial Arts<br>D. STEM, ABM, Academic, Technical-Vocational-Livelihood |
| | 10 | **Ang mga nakatapos ng SHS ay maaaring:**<br>A. Magpatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo<br>B. Magtayo ng sariling negosyo<br>C. Magtrabaho sa iba't ibang industriya<br>D. Lahat ng nabanggit |

**- END OF HERO (SHS) POST TEST -**

| SAGUTAN LAMANG ITO KUNG NAIS MAG-ARAL NG TVET. | | |
|---|---|---|
| PART THREE (B): TVET | | |
| | 1 | **Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang MALI tungkol sa pagkuha ng TESDA courses?**<br>A. Tipikal na mas mahaba ang panahon na kailangan ng isang estudyante upang makatapos ng isang college degree kaysa makatapos ng isang TESDA course.<br>B. Karaniwang mas maikli ang panahon na kailangan ng isang estudyante upang makatapos mula sa SHS kaysa makatapos ng isang TESDA course.<br>C. Ang isang estudyanteng nakatapos ng TESDA National Certificate ay maaaring pumunta sa mundo ng trabaho at negosyo. |
| | 2 | **Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang TAMA tungkol sa TESDA Scholarships?**<br>A. Libre ang pag-aaral ng TVET sa mga pampublikong TESDA<br>B. Bagamat libre ang tuition and school fees sa pag-aaral sa TechVoc Institutions, hindi kabilang sa mga pwede kumuha nito ang mga out-of-school youth.<br>C. Ang scholarships ay available lamang sa formal o higher education sa kolehiyo. Kung kukuha ka ng TechVoc, kailangan mong bayaran ang iyong tuition fees.<br>D. Ang mga scholarships ay available lamang sa public TESDA Technology Institutions. May bayad ang pag-aaral sa mga pribadong Tech Voc Institutions. |
| | 3 | **Sino sa mga sumusunod ang maaaring tumuloy sa TVET?**<br>A. Kasalukuyang nag-aaral ng TVET courses sa alinmang Technical Vocational Institutions (TVIs) o TESDA Technology Institutions (TTIs), at nais pang palawakin ang kakayanan upang maging mas handa sa trabaho o negosyo<br>B. Nakatapos na ng high school mula old HS curriculum o mula SHS, na nagnanais na matuto pa ng karagdagang skills, ngunit hindi pa handang magkolehiyo<br>C. Nakatapos na ng Grade 10 o ng JHS-level ng ALS, ngunit hindi pa handang tumuntong sa SHS<br>D. Lahat ng nabanggit |
| | 4 | **Kailan maaaring kumuha o pumasok sa isang TESDA Course?**<br>A. Pagkatapos ng Grade 4<br>B. Pagkatapos ng ALS Elementary<br>C. Pagkatapos ng Junior High School<br>D. Pagtuntong ng 14 years old |
| | 5 | **Alin sa mga sumusunod HINDI kabilang sa mga Priority Sectors ng TESDA?**<br>A. Tourism, Hotels and Restaurants<br>B. Transport, Communication and Storage<br>C. Health, Wellness and Other Social Services<br>D. Accountancy, Business and Management |
| | 6 | **Alin ang TOTOO tungkol sa Upskilling at Multiskilling?**<br>A. Ang Upskilling ay ang paraan upang mas mahasa pa ang kasanayan ng isang tao sa pamamagitan ng pagkumpleto ng requirement sa mas mataas na National Certification Level sa kaparehong TESDA Program.<br>B. Ang Multiskilling ang pagsasanay ng isang manggagawa sa iba't ibang TechVoc Skills at pagkuha ng iba't ibang National Certification Level mula sa samu't saring TESDA Programs.<br>C. Parehong totoo ang A at B.<br>D. Walang tamang pangungusap sa nabanggit. Mali ang A, B at C. |

| SAGUTAN LAMANG ITO KUNG NAIS MAG-ARAL NG TVET. | | |
|---|---|---|
| PART THREE (B): TVET | | |
| | 7 | **Alin naman sa mga sumusunod na pangungusap ang MALI tungkol sa mga paaralang nag-offer ng TVET?**<br>A. Ang mga pampublikong TESDA Schools ay tinatawag na "Technical Vocational Institutions" o TVIs<br>B. Ang TESDA Technology Institutions naman ang mga paaralang pinapamahalaan ng TESDA.<br>C. Sa mga TESDA Technology Institutions, automatic nang libre ang iyong pag-aaral.<br>D. Napakaraming TESDA Scholarships ang handog sa Technical Vocational Institutions. |
| | 8 | **Saan maaring makita ang mga institusyon na nag-offer ng TVET?**<br>A. CHED website<br>B. DepEd Website<br>C. TESDA Website<br>D. Website ng Lokal na Pamahalaan |
| | 9 | **Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa mga benepisyong mararanasan ng isang National Certificate-holder?**<br>A. Quality assurance in terms of skills, knowledge, attitudes, and values relevant to the industry-based competencies<br>B. Able to fire someone from work without any reasons<br>C. More opportunity for higher-paying jobs<br>D. Higher employability rate |
| | 10 | **Bakit mahalaga ang mag-upskill o mag-multiskill gamit ang TVET?**<br>A. Upang maging mas sigurado na magkaroon ng trabaho<br>B. Upang matuto ng 21$^{st}$ Century Skills<br>C. Upang maging handa sa nagbabagong mundo ng pagtatrabaho<br>D. Lahat ng nabanggit |

**- END OF HERO (TVET) POST TEST -**

<table>
<tr><th colspan="3">SAGUTAN LAMANG ITO KUNG NAIS MAG-ARAL NG KOLEHIYO.</th></tr>
<tr><th colspan="3">PART THREE (C): COLLEGE</th></tr>
<tr><td></td><td>1</td><td>Ang mga sumusunod ay inirerekomendang tumuloy sa kolehiyo, maliban sa:<br>A. Nakagraduate ng high school (maaaring mula old HS curriculum o SHS Graduate) at handa at interesadong tumuntong sa college<br>B. Nakapagtapos ng ALS JHS program, at mayroon nang Certificate of Completion na nagpapatotoo sa pagtatapos ng JHS-level<br>C. Nakatapos na ng ALS SHS program, at mayroon nang Certificate of Completion na nagsasabing handa nang pumunta sa college<br>D. Nakatuntong na sa college, ngunit hindi pa nakakagraduate at hindi pa nakakakuha ng college degree</td></tr>
<tr><td></td><td>2</td><td>Alin sa mga sumusunod ang TAMA tungkol sa college-level scholarships?<br>A. Karapatan mo ang libreng tuition fee, higit lalo sa mga pampublikong higher education institutions (HEIs).<br>B. Ang tution fee ay automatic nang libre sa alinmang pribadong HEI na nais mong puntahan.<br>C. Mangyaring lumapit sa DepEd upang malaman ang iba’t ibang college-level scholarships, higit lalo sa mga pribadong HEIs.<br>D. Kung maaaring wala pang naipong pera patungo sa pribadong kolehiyo, mainam na huwag na lamang tangkain na tumungo sa mga pampublikong kolehiyo.</td></tr>
<tr><td></td><td>3</td><td>Alin sa mga sumusunod ang maaari mong lapitan upang makahingi ng dagdag na impormasyon tungkol sa college-level scholarships?<br>A. Commission on Higher Education<br>B. Unified Student Financial Assistance System for Tertiary Education<br>C. Mismong kolehiyo o pamantasan na nais puntahan<br>D. Lahat ng nabanggit</td></tr>
<tr><td></td><td>4</td><td>Alin sa mga sumusunod ang TOTOO tungkol sa college degrees?<br>A. Karaniwang mas maikli ang panahon na kailangan ng isang estudyante upang makatapos ng isang college degree kaysa makatapos ng Senior High School diploma.<br>B. Kung nais tumuloy ng isang mag-aaral sa kolehiyo, hindi mo kailangan ng isang high school diploma.<br>C. Tipikal na mas mahaba ang panahon na kailangan ng isang estudyante upang makatapos ng isang college degree kaysa makatapos ng isang TESDA course.</td></tr>
<tr><td></td><td>5</td><td>Alin sa mga sumusunod na kataga ang inilalarawan sa pangungusap na ito “Ito ay ang post-secondary study na tinatapos sa loob ng isa hanggang dalawang taon, na nagpapatuloy sa pagkuha ng isang associate diploma o certificate.”<br>A. College Units<br>B. College degree<br>C. Baccalaureate<br>D. Pre-Baccalaureate</td></tr>
<tr><td></td><td>6</td><td>Sino sa mga sumusunod ang maaaring pumasok sa ETEEAP (Expanded Tertiary Education Equivalency and Accreditation Program)?<br>A. Nakatapos ng Grade 6, o passers ng ALS Accreditation and Equivalency Assessment<br>B. Filipino citizen, na at least 35 years old<br>C. Filipino citizen, at hindi pa nakakatapos ng alinmang bachelor’s degree<br>D. Dapat ay nagtrabaho sa loob ng 10 taon sa industriyang nais kuhanan ng academic degree</td></tr>
</table>

| SAGUTAN LAMANG ITO KUNG NAIS MAG-ARAL NG KOLEHIYO. | | |
|---|---|---|
| **PART THREE (C): COLLEGE** | | |
| | 7 | Ano ang pinakatamang kahulugan ng ETEEAP (Expanded Tertiary Education Equivalency and Accreditation Program)?<br>A. Ito ang programa ng CHED na naglalayong i-assess, i-validate, at bigyang halaga ang formal, non-formal, at informal na training at relevant work experience bilang undergraduate level units.<br>B. Ito ang programa ng CHED na naglalayong gawing work units ang nakuhang bachelor’s degree upang maging handa ang isang indibidwal tungo sa pagtatrabaho.<br>C. Ito ang programa ng CHED na naglalayong gawing entrepreneurial units ang nakuhang bachelor’s degree upang maging eligible ang isang tao tungo sa pagtatayo ng sariling negosyo.<br>D. Ito ang programa ng CHED na mas magpapadali sa isang tao na kumuha ng master’s at doctorate degree, sa proseso ng pagpapaikli ng post-baccalaureate units. |
| | 8 | Alin sa mga sumusunod ang TOTOO tungkol sa mga paaralang naghahandog ng college degrees?<br>A. Ang mga pribadong higher education institutions (HEIs) ay tinatawag na “state or local universities and colleges”<br>B. Sa mga nais mag-aral sa private HEIs, automatic nang libre ang iyong tuition and other school fees. Sagot na ito ng CHED at ng UNIFAST.<br>C. Bukod sa Tertiary Education Subsidy na handog ng CHED, marami ring national level / city level o school-based scholarships na pwede mong applyan upang makapasok sa private HEIs.<br>D. Mangyaring lumapit sa DepEd at sa TESDA upang malaman pa ang iba’t ibang college-level scholarships. |
| | 9 | Ang mga sumusunod ay tipikal na inihahanda upang mag-enroll papuntang kolehiyo, maliban sa:<br>A. Original or Certified True Copy of Form 137 / ALS Form 5<br>B. Proof of Financial Means of Parents / Guardian<br>C. Original Copy of NSO Birth Certificate<br>D. Accomplished Application Form |
| | 10 | **Saan maaring makita ang mga institusyon na nag-offer ng college degrees?**<br>A. DepEd Website<br>B. TESDA Website<br>C. DOST Website<br>D. CHED website |

- **END OF HERO (COLLEGE) POST TEST -**